

Ang Anti-Imperyalistang Panitikan ng Bagong-Demokratikong Rebolusyon*

GELACIO GUILLERMO**

The ongoing new-democratic revolution with a socialist perspective spearheads the production of anti-imperialist literature.

This article focuses on the Anti-Imperialists Literature that sustained the interests of the common worker and farmer as the primary force behind the present revolution against the big comprador-bourgeois and the landlord classes serving as local agents of United States imperialism for the last thirty years.

It enumerates the sources of these literature such as the ideological leadership of the proletariat, alliance of the working class and farmers, long-standing civil war, mass movements and cultural revolution. These sources characterized the literature of the revolutionary movement into what it is now.

This literature must be seen in the context of the long history of anti-imperialist struggle of the Filipino people, resumed since the 60s under the leadership of the reestablished Communist Party of the Philippines. With the present globalization and American military resurgence, the Filipino people have no recourse but to fight, even if it takes another hundred years to defeat U.S. imperialism, as stressed by Armando Liwanag, chairperson of the CCP, in his 1998 message. This defines the long-ranged task of revolutionary anti-imperialist literature in our country.

* Ang artikulong ito ay nalathala sa *Philippine Collegian*, Taon 77 Bilang 11 Agosto 27, 1999.

**AB English (UP 1964), author of *Azucarera. Ang Panitikan ng Pambansang Demokrasya, The New Mass Art and Literature, and Kabanbanuagan* (Youth). He edited and introduced the anthology *Muog: ang naratibo ng kanayunan sa matagalang digmang bayan sa Pilipinas*. In 1996 he represented the Philippines in the 27th Poetry International in Rotterdam, The Netherlands.

ANG KASALUKUYANG ANTI-IMPERYALISTANG PANITIKAN sa Pilipinas ay produkto ng bagong-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba sa pamumuno ng proletaryado. Sinasalamin nito ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa paghahari ng malalaking komprador burges, at panginoong maylupa, ang mga lokal na ahente ng imperyalismong Estados Unidos na nagpapanatili ng lipunang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Sa nakaraang tatlumpong taon, itinaguyod ng panitikang ito ang interes ng masang manggagawa at magbubukid bilang nangungunang pwersa sa kasalukuyang rebolusyon. Nagpapatuloy ang tungkuing ito ng rebolusyonaryong panitikan.

Ano ang mga batayan ng panitikang ito?

1. ANG IDEOLHIKAL NA PAMUMUNO NG PROLETARYADO. Ang kasalukuyang rebolusyon ay pinamumunuan ng uring manggagawa sa pamamagitan ng abanteng destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Sa pamumunong ito, tinitiyak ang pagsasakatuparan ng pambansa at demokratikong mithiin ng masang anakpawis at ng kasunod na sosyalistang konstruksyon. Hindi na makapamumuno ang anti-imperyalistang kawing ng burgesyang liberal, bagamat pwede silang maging kaalyado sa kasalukuyang pakikibaka.
2. ANG BATAYANG ALYANSA NG MGA URING MANGGAGAWA AT MAGBUBUKID. Sa alyansang ito, ang mga manggagawa ang namumunong pwersa samantalang ang mga magbubukid ang pangunahing pwersa. Ang alyansang ito ang batayan ng pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente. Ito ang tumitiyak sa pangmasang katangian ng rebolusyonaryong kapangyarihan. Ito rin ang tumitiyak na hindi na makapamumuno sa lipunan ang mga uring komprador burges at panginoong maylupa.
3. ANG MATAHALANG DIGMANG BAYAN. Ito ang pagpapatupad ng istratihikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan. Unti-unting nilalansag ang armado at pampulitikang kapangyarihan ng mga naghaharing uri sa pamamagitan ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng mga

lokal na organo ng kapangyarihan ng pulitikal ng mamamayan. Nahahati sa tatlong yugto ang matagalang digmang bayan: ang istrategikong depensiba (ang kasalukuyang yugto), ang istrategikong pagkapatas at ang istrategikong opensiba. Ang mga larangang gerilya sa halos lahat ng rehiyon sa Pilipinas ang lunsaran ng digmang bayan.

4. **ANG HAYAG NA KILUSANG MASA.** Nilalahukan ito ng masang anakpawis sa lunsod at nayon, kasama ang mga simpatisador mula sa mga progresibong uri at sektor. Ipinapahayag ang mga batayang problema ng mamamayan at lipunan, gayundin ang napapanahong mainit na usaping nakaugnay sa mga ito. Isinasagawa ang hayag na kilusang masa sa mismong sentro ng kaaway at nakakalikha ng malawak na opinyong publiko laban sa naghaharing sistema.

5. **ANG REBOLUSYONG PANGKULTURA.** Ito ay isang kilusang pang-edukasyong masa sa lunsod at nayon para ilantad at bakahin ang mga kaisipang kolonyal, pyudal at elitista at mga instrumento sa pagpapalaganap ng mga ito, at halinhan ng mga kaisipang pambansa, syentipiko at pang-masa. Mahalaga ito sa pagpapalaya ng kaisipan para makakilos ang mamamayan tungo sa panlipunang pagbabago. Sinisiyasat nito ang mga tama at maling idea sa lipunang umiiral batay sa panuntunan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Ang mga batayang ito, na may kinalaman sa ideolohiya, batayang alyansa, taktikal at istrategikong linya ng pakikibaka, moda ng pakikibaka sa mga larangang praktikal at ideolohikal-kultural, at iba pa, ang nagbigay ng partikular na mga katangian sa panitikan ng rebolusyonaryong kilusan. Kapwa sa panloob na kakanyahan at panlipunang kahalagahar nito. Matutukoy ang sumusunod bilang ilan sa mga katangiang ito:

1. **ANG MASA ANG BAYANI.** Sa panitikang ito, tinatanghal na bayani ang masang anakpawis bilang pagkilala sa nangungunang papel nila sa rebolusyon. Sila ang pwersa sa pagwasak sa lumang sistemang panlipunan at pagtatayo ng bago. Inilalarawan ang kabayanihan sa kanilang organisadong pagkilos sa iba't ibang larangan ng pakikibaka, tulad ng armadong pakikibaka, welga

sa mga pabrika, kumprontasyon sa mga panginoong maylupa, atbp. Ang kanilang pagkilos ang nagtatakda ng katangian ng pagiging bayani sa kasalukuyang panahon. Ang esensya ng katangiang ito ay ang paglilingkod sa interes ng nakararami, mangahulugan man ito ng paghihirap, pagsasakripisyo o kamatayan.

2. SA DAIGDIG NG REBOLUSYON AT KONTRAREBOLUSYON. Ang paglalarawan ng mga tauhan, sitwasyon, proseso at iba pa sa panitikan ay nakabatay sa realidad ng isang lipunang malakolonyal at malapyudal na ngayo'y inuusig ng bagong-demokratikong rebolusyon. Sa ganitong kalagayan kumikilos ang mga pwersang panlipunan batay sa kani-kanilang makauring interes. Masalimuot ang daigdig na inilalarawan sa panitikang ito. Totoong may mga tauhang matatag na ipinaglalaman ang interes ng kanilang uri, pero may mga rebolusyonaryong bumabaligtad, samantalang may mga indibidwal mula sa kaaway na uri ang nahahatak sa rebolusyon. Sa mga larangang gerilya na kinikilusan ng mga rebolusyonaryo ay nakakapasok pa rin ang kaaway, kahit hanggang sa loob mismo ng rebolusyonaryong kilusan. Sa kalunsuran, nabibiyak ng mga rebolusyonaryong pwersa ang hanay ng mga kontrarebolusyonaryo kahit sa mismong sentro ng kanilang paghahari. Ang lugar, panahon at espasyo, at laluna ang isip at damdamin ng mamamayan, ay mga larangan ng tunggalian ng rebolusyon at kontrarebolusyon. Ang pagwawagi ay usapin ng kung saang panig nakikibaka ang mamamayan, laluna ang masang anakpawis.

3. REBOLUSYONARYONG PAGPAPAHALAGA. Ang rebolusyon ay hindi lang isang praktikal na pagkilos para sa pag-agaw ng kapangyarihang pulitikal at materyal na pagbabago ng lipunan. Kaakibat nito ang pagpapakintal ng mga bagong pagpapahalaga sa mga rebolusyonaryong pwersa at masang anakpawis para magampanan nila nang buong tatag ang kanilang gawain sa rebolusyon. Ang pagpapalaganap ng mga pagpapahalagang ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng edukasyong pulitikal at ideolohikal, emulasyon, gawaing pangkultura (kabilang ang panitikan), at palisiya.

Sa panitikan, ang mga pagpapahalagang ito ay nagsisilbing paksa o tema. Halimbawa ang sumusunod:

a. **PAGSISILBI SA MASA.** Ang paglulunsad ng bagong demokratikong rebolusyon ang pundamental na kahulugan ng konseptong ito. Kaakibat nito ang pagkilala at mahigpit na pakikipag-ugnay sa masa. Halimbawa, tumutulong ang mga rebolusyonaryo sa pang-araw-araw na gawain ng masa sa bahay at bukid at sa paglutas sa karaniwang mga problema sa pamilya at komunidad. Tumutulong sila sa pagbubuo ng mga organisasyong masa para magkaroon ng lakas ang masang anakpawis sa pakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan. Nagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at nagpapaunlad ng mga abanteng elemento sa hanay ng masa bilang potensyal na lokal na kadre o Pulang mandirigma. Nilalaman ng pagpapahalagang ito ang di-pagigirg makasarili, simpleng pamumuhay at masikhay na pakikibaka, pagtitiwala sa masa, at pagsasakripisyo para sa interes ng nakararami.

b. **PAG-ASA SA SARILI.** Isang pundamental na palisiya ng kilusan ang pag-asa sa sarili. Mahirap umasa sa tulong mula sa mga mapagkaibigang rebolusyonaryong kilusan sa ibang bansa na nasa pareho ring gipit na kalagayan. Ganito ang paglalarawan sa panitikan: Ang gamit-pandigma ng mga Fulang mandirigma ay mula mismo sa digma sa pamamagitan ng agaw-arms, tambang, o paglusob sa kampo na kaaway. Ang pagkain ay mula sa sarili nilang produksiyon o ambag ng masa, laluna yaong nakikinabang na sa rebolusyonaryong agraryo. Ang pagbubuwis sa malalaking negosyo ng mga kaaway sa uri, kundi man tuwirang pagsamsam, ay paraan para tustusan ang pangangailangan ng kilusan. Pinagkakasya ng mga rebolusyonaryo ang kaunting alawans, pinangangalagaan ang gamit para tumagal, wastong idinidisposisyon ang mga pwersa at rekurso batay sa diin at direksyon ng gawain at pag-unlad.

c. **TATAG NG PANININDIGAN.** Sa mga sitwasyong inilalarawan sa panitikan, laging sinusubok ang paninindigan ng mga rebolusyonaryo at masa: ang mawalay sa mga mahal sa buhay, nahuli ng kaaway, walang kontak sa mga kasama sa matagal na panahon, kahirapan ng buhay, kalungkutan, sakit o pagkatakot mamatay, malakas na propaganda ng kaaway, atbp. Inilalarawan sa panitikan kapwa yaong nanghina sa panirindigan hanggang pumanig sa kaaway at yaong patuloy na kumakapit sa

sinumpaang tungkulin sa rebolusyon sa harap ng anumang panganib.

d. DEMOKRATIKONG SENTRALISMO. Ang demokratikong sentralismo ay isang pundamental na prinsipyong pang-organisasyon. Ang isang aspeto nito ay ang proseso ng paggawa ng mga disisyon, balisiya at iba pa na susundin ng mga kasapi ng organisasyon. Ang mga disisyon ay naabot lamang makaraan ang malaya at demokratikong diskusyon o serye ng mga diskusyon na nilalahukan ng mga kasapi.

e. Inilalarawan sa panitikan ang prosesong ito sa mga pulong ng Partido sa anumang antas, hukbo at organisasyong masa para pagpasyahan ang programa sa pagkilos, problema sa disiplina, disposisyon ng mga pwersa at rekurso, atbp.

Bilang pagpapahalaga, binibigyang-sigla ng demokratikong sentralismo ang partisipasyon ng mga kasapi sa pagtalakay sa mga usaping may kinalaman sa kanilang kolektibong pagkilos at buhay-organisasyon, at ang pagsunod sa nabuong pasya. Ang pasya bilang ekspresyon ng sentralismo ay resulta ng mga tamang idea sang-ayon sa ideolohia ng proletaryado.

4. Ang panitikan bilang rebolusyonaryong praktika. Ang paglikha ng panitikan ay isang panlipunang praktika. Para sa mga rebolusyonaryong manunulat, ang panlipunang praktikang ito ay bahagi ng rebolusyonaryong kilusang masa sa nayon at lunsod at nagsisilbi sa pagsusunong nito. Ang ugnayang ito ang tumitiyak sa pangmasang katangian ng panitikan sa nilalaman, porma, lenggwage, nakasulat o oral na paraan ng pagpapalaganap, gamit, okasyon, at odyens. Ang pambansang latag nito ay tinitiyak ng kilusang nakapusisyon sa mga istrategikong lugar sa buong bansa. Nakakaabot din ang panitikang ito sa mga indibidwal at grupong nasa labis ng kilusan at nakakampluwensiya sa kanilang pag-iisip at pagkilos para sa rebolusyon.

5. Ang mga manunulat ng panitikang ito ay mga organisadong pwersa. Kumikilos sila bilang kadre at kasapi ng Partido, Pulang mandirigma, miyembro ng mga organisasyong masa sa loob ng Pambansa-Demokratikong Prente, o miyembro

ng mga hayag na organisasyong pambansa-demokratiko. Kabilang din ang mga alyadong manunulat mula sa panggitnang pwera na nakikiisa sa mga layunin ng pakikibakang masa.

6. May mga manunulat ang mga komprador-burges at panginoong maylupa para ipagtanggol at panatilihin ang interes ng mga ito sa lipunan. Ito ang praktika ng mga manunulat na ito at inihahanay sila sa uring kani ang pinagsisilbihan. Sa kabilang banda, may mga manunulat ang mga manggagawa at magbubukid. Ang kanilang panulat bilang rebolusyonaryong praktikang panlipunan ay sandata ng anakpawis sa kanilang pakikibaka.

Ang Imperyalismong Estados Unidos ang pangunahing kaaway ng sambayanang Pilipino sa loob ng isandaang taon ngayon. Ang kapanгыarihan nito ang patuloy na umuugit sa buhay-pulitika, ekonomiya at kultura ng bansa. Makaraan ang halos limampung taong direktang kolonyal na paghahari sa mga lokal na ahente nito mula sa hanay ng malalaking komprador burges at panginoong maylupa. Sa ganitong paraan pinananatili, hanggang ngayon, ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Ang kasalukuyang palisiyang "globalisasyon" ng imperyalismo na cumaranas ng matinding krisis ay pagpapa-indi lamang ng pagsasamantala ng imperyalismong Estados Unidos at ang ayudante nitong imperyalismong Hapones sa mga bansang mahihirap tulad ng Pilipinas.

Nabigong kamtin ng mamamayan ang tagumpay ng armadong pakikibakang antikolonyal at antipyudal na inilunsad noong 1896 ng Katipunan laban sa kolonyalismong Espanyol dahil sa panghihimasok ng imperyalismong Estados Unidos at pakikipagkompromiso ng uring ilustrado. Gayunman, ipinagpatuloy ng mamamayan ang anti-imperyalistang armadong pakikibaka mula 1896 at tumagal hanggang 1916. Ipinagkanulo ng makaimperyalistang liberal na burges ang pakikibakang ito. Ang pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930 ang naghudyat sa pamumuno ng proletaryado sa anti-imperyalistang pakikibaka. Gayunman, dahil sa pakikipagkasundo ng pangkating Lava-Taruc at Estados Unidos-Quezon noong

Ikalawang Digmaang Pandaigdig. hindi naihanda ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa para ipagpatuloy ang anti-imperyalistang pakikibaka pagkatapos ng gera, na nagresulta sa pagkagalansag ng kilusang ito. Noon na lamang dekada sisenta, at laluna na nang muling itatag noong 1968 ang PKP sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, muling sumigla ang anti-imperyalistang pakikibaka.

Sinabi ng Tagapangulong Armando Liwanag sa ika-30 taong anibersaryo ng PKP noong 26 Disyembre 1998 na kung kailangan ang isa pang dantaon para gapiin ang imperyalismong Estados Unidos, walang magagawa ang sambayanang Pilipino kundi ipagpatuloy ang pakikibaka hanggang sa tagumpay.

Nasa kontekstong ito ng matagalang pakikibaka ang patuloy na pagsisilbi ng anti-imperyalistang panitikang nasa ideolohikal na pamumuno ng proletaryado.